# Ang sinumang nagpakatuto ng isang kaalamang kabilang sa hinahangad dito ang kaluguran ng mukha ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) — na hindi pala nagpapakatuto nito kundi upang magkamit siya sa pamamagitan nito ng isang mahihita mula sa Mundo — hindi makaamoy ng samyo ng Paraiso sa Araw ng pagbangon

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagpakatuto ng isang kaalamang kabilang sa hinahangad dito ang kaluguran ng mukha ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) — na hindi pala nagpapakatuto nito kundi upang magkamit siya sa pamamagitan nito ng isang mahihita mula sa Mundo — hindi makaamoy ng samyo ng Paraiso sa Araw ng pagbangon." Tumutukoy siya sa halimuyak nito.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagpakatuto ng kaalamang pangkapahayagan na ang orihinal na pakay rito ay ang pagkalugod ni Allāh (napakataas Siya), na hindi nagpapakatuto nito upang magkamit at magtamo sa pamamagitan nito na isang parte at isang natatamasa mula sa Mundo na yaman o reputasyon, hindi siya makatatagpo ng amoy ng Paraiso sa Araw ng Pagkabangon.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee